

## CHAPTER ONE

**N**agulat si Paula sa biglang pagpasok ni Herman sa kanyang office, kasunod nito ang tarantang sekretarya niya.

“I-I’m sorry, Ma’am. I told him na busy kayo at hindi puwedeng maistorbo pero nagpilit pa rin ho siya. I’ll call the guard if—”

“No need for that, Flor,” agaw niya sa sinasabi ng sekretarya. “It’s all right, I’ll handle this. You can go back to your desk now.”

Tumango lang ito at tumalikod na.

“Now what, Herman?” pagkuwan ay baling niya sa lalaki. Kampante siyang nakaupo habang nakatingin nang tuwid sa dating kasintahan.

“We need to talk, Paula. I’ve been trying to reach you on the phone at maging sa bahay ninyo pero palagi ka naman raw wala. Iniiwasan mo ba talaga ako?” tanong nito na palakad-lakad sa opisina niya.

“I never thought that you’re that dumb para ngayon mo lang malaman na iniiwasan kita,” kaswal na sagot niya.

“C’mon, Paula. You can’t do this to me! Sayang

lang ang mahigit isang taon na relasyon natin kung sa ganito rin lang mauuwi," pakiusap nito.

"It's not *my* fault kung sa ganito man humantong ang relasyon natin and you know that."

"I know. It was my fault. That's why I'm very sorry. Honey, please forgive me. Give me another chance. I love you," anito na umupo at hinawakan ang mga kamay niyang nakapatong sa table. Kaagad niyang binawi ang mga iyon.

"Pinatawad na kita, Herman. Pero ang muling mabalik sa dati ang relasyon natin ay malabo na kaya huwag ka nang umasa," sagot niya at tumayo.

"Pero bakit malabo? We still love each other. Wala akong makitang dahilan para hindi tayo magkabalikan."

*Mayroon, Herman, sa isip-isip niya. Dahil ngayon ko lang talaga na-realize na hindi pala kita mahal. "We're better off as friends."*

"No! Mahal kita, Paula. Huwag mo naman akong parusahan ng ganito nang dahil lang sa isang pagkakamali. I cannot live without you. Please forgive me," pagsusumamo nito.

"I've already said na napatawad na kita," aniya.

"Then, bumalik ka uli sa akin. I promise hindi ka magsisisi at hindi ko na gagawin iyong nagawa ko. I

promise." Nagtaas pa ito ng kanang kamay.

"Promises are made to be broken, Herman. And I'm afraid na hindi na kita muling mapagkakatiwalaan."

Biglang umikot ang lalaki papunta sa kanya at niyakap siya nito. "Please, Paula, I love you!"

Nagpumiglas siya at kumawala rito. "Behave yourself! Or else ay ipatatawag ko ang mga guard para palabasin ka!" mariing sabi niya.

"Please, Paula, let—"

"If you don't have anything else to say, I suggest you leave now," putol niya. "Marami akong kailangang tapusin dahil bukas na ang alis ko patungong Cagayan at baka matagalan ako doon."

"Sa *Rancho Esmeralda*? Hindi ba sinabi ko sa iyong hindi ka pupunta sa rancho na iyon!" mataas ang boses na sabi nito. "Hindi ka aalis!"

Painsulto siyang ngumiti. "Says who?"

"Says I," galit na tugon nito.

"Really? Nakalimutan mo na bang wala na tayo? That means, wala ka ring pakialam sa anumang desisyon ko sa buhay ko."

Sasagot pa sana si Herman subalit naunahan ito ng pagpasok ni Don Gregorio. Napatigil sila sa pagtatalo.

“Oh, I’m sorry for barging in here, Paula. I’d better—”

“No! Come in, Greg. Anyway, paalis na talaga si Herman bago ka pa man dumating. Right, Herman? nakangiting sabi niya sa lalaki.

Galit siyang tinitigan ex-boyfriend pero matapang niyang sinalubong ang titig nito. Walang nagawang galit na lumisan na lang ang lalaki.

“Talaga bang balak mong pahirapan muna nang husto si Herman?” naiiling na tanong sa kanya ng don matapos itong umupo sa silya.

“Hindi ko siya pinahihirapan. Ilang beses ko na siyang sinabihan na tigilan na ako pero makulit pa rin. Kaya siya ang bahala.”

“At tiyak na lalong magwawala iyon kapag nalaman niyang pupunta ka sa *Rancho Esmeralda*.”

“Nalaman na niya kanina at nagalit nga. Pinipigil ako na para bang papipigil ako sa kanya. Honestly, Greg, I feel relieved ngayong wala na kami ni Herman. Feeling ko’y para akong nakawala sa isang nakakasakal na relasyon. At mas mabuti sa amin ang nangyari,” aniya at huminga nang malalim. “Anyway, so much for Herman. Ang tungkol sa pagpunta ko sa rancho ang pag-usapan natin. Alam mo bang excited na ako? This is my

chance para makabawi kahit paano ng utang-na-loob sa iyo. And I will do my best para muli kayong magkasundo ng anak mo,” tapat na sabi niya.

Napangiti ang matandang lalaki. “Naniniwala ako sa kakayahan mo, Paula. Pero ipinapauna ko na sa iyo na medyo may katigasan ang ulo si Bryan. Pero may tiwala ako sa iyo. Alam kong kaya mo siyang paliwanagan.”

“Ipinapangako ko iyan sa iyo, Greg. Sa laki ng utang-na-loob ko sa iyo, lahat ay gagawin ko para lang huwag kang mabigo.”

“Aasahan ko iyan. Hindi naman lingid sa iyo na noon ko pa siya gustong bumalik dito.”

“Ewan ko nga ba sa anak mo kung bakit doon pa sa probinsya niya piniling manirahan kaysa dito,” nasabi niya.

“Madalas kasi kaming hindi magkasundo ni Bryan. Nami-misinterpret niya ang mga ginagawa ko para sa kanya. Pero mahal na mahal ko siya. Sabihin mo sa kanya iyon.”

“I will, Greg. And don’t worry, I’ll do my best to bring him back to civilization,” may pagbibiro na pangako niya.

*SA WAKAS!* napabuntong-hiningang sabi ni

Paula sa isip nang makita ang isang two-storey house na yari sa tisa. Natiyak niyang nasa *Rancho Esmeralda* na siya dahil iyon ang bahay na inilarawan sa kanya ni Greg.

Pagod na pagod at masakit na ang mga paa niya dahil mahigit sa dalawang kilometro yata ang nilakad niya mula sa highway hanggang sa rancho dahil wala palang sasakyang pampubliko na pumapasok doon.

Tiningnan niya ang relo. Pasado alas ocho na pala. Mahigit dalawang oras siyang naglalakad!

Malakas siyang kumatok sa front door matapos na matiyak na wala itong doorbell. Hindi niya alam kung wala bang tao sa bahay o mga tulog na dahil patay ang lahat ng mga ilaw maliban sa nasa labas na isang maliit na bombilya.

Muli ay kumatok siya nang malakas subalit walang sumasagot kaya lalo pa niyang nilakasan. Halos kinakalampag na niya ang pinto at sabay sigaw ng 'Tao po!' Wala siyang pakialam kung nakakabulahaw man siya dahil pagod na pagod siya at hindi siya makakapayag na manatili sa labas, lalo pa at maginaw. Hindi niya alam kung epekto lang iyon ng nalalapit na Kapaskuhan o talagang maginaw sa lugar na iyon.

Makalipas pa ang ilang minuto ay bahagyang nabuksan ang pinto at sumungaw roon ang isang nasa kalagitnaang gulang na babae.

“Sino ka?” tanong nito na bahagya lang binuksan ang pinto.

“Ako ho si Paula. Ang sadya ko ho ay ang *Rancho Esmeralda*. Ito ho ba iyon?” sagot na tanong niya.

“Eto nga, Ineng. Ano ba’ng kailangan mo dito?”

“Hinahanap ko ho kasi si Bryan Monteloyola. Abogado ho kasi ako ng papa niya at may sadya ho akong importante. Galing pa ho ako ng Maynila.”

“Naku! Malayo pala ang pinanggalingan mo. Pumasok ka na,” anito at tuluyan nang binuksan ang pinto.

“Salamat ho,” sabi niya nang makapasok sa bahay. Nang ilibot niya ang paningin ay taliwas sa kanyang inaasahan ang nakita. Akala niya ay parang isang class na hotel ang tutuluyan pero maliban sa ilang mga antique na gamit ay wala siyang nakitang magagarang kasangkapan. Isang rattan set lang ang nakita niya sa living room.

“Ako nga pala si Elsa. ‘Aling Elsa’ na lang ang itawag mo sa akin. Ako ang katulong dito ni Bryan,” pagpapakilala ng matanda.

“Salamat ho ulit, Aling Elsa. Eh, nasaan na ho

"Naku, natutulog na."

"Hindi na ho ngayon, Manang Elsa." Isang tinig-lalaki ang sumingit sa usapan ng dalawa. Sabay silang napalingon sa pinanggalingan ng boses. Paula caught her breath nang makita ang isang matangkad at matipunong lalaki na simpatikong nakatayo sa pinakahuling baitang ng hagdanan.

Isang kupas na pantalong maong lang ang suot nito at walang pang-itaas na lalo lamang nagdagdag sa kakisigan nito. Napakaguwapo at macho pala ng anak ni Greg, naisip niya. Nang salubungin niya ang titig nito ay noon lang niya napansin na nanlilisik ang mga mata nito sa kanya. Nakakunot-noo rin ito na siyang naging dahilan upang mapalitan ng inis at pagtataka ang anyo niya.

"Bryan, gising ka pa pala. Siya si Paula at—"

"Nagising ho, Manang Elsa. Iyon ang mas tama. Ako na ho'ng bahala dito. Magpahinga na lang ho kayo," mababa subalit matigas na pahayag ng binata.

"Pero—"

"Magpahinga na ho kayo!"

Napabuntong-hiningang napabaling ang matanda sa kanya. "Maiwan na kita, Ineng. Huwag



kang matakot. Mabait iyang si Bryan,” sabi nito nang mapansin ang reaksiyon niya.

Pinilit niyang ngumiti kahit duda sa sinabi nito.

“Sino ka at ano’ng ginagawa mo dito? Hindi mo ba alam na nakabulahaw ka ng mga tao dito?” baling ni Bryan sa kanya pagkuwan. Hindi nito itinago ang inis sa tono.

Kaagad din siyang nainis sa kaarogantehan at kayabangan nito. “I’m sorry kung nakabulahaw ako. Hindi ko naman sinasad—”

“Ano nga ang kailangan mo!” pasigaw na agaw nito.

Kaagad siyang napikon subalit nagpigil siya.

“I’m Paula. Atty. Paula Landicho—”

“Oh, a lawyer! Really?” muling agaw nito sa sarcastic na tono. “Impressive! Pero ano’ng ginagawa ng isang katulad mo dito?”

“Hindi mo talaga malalaman kung patuloy mong pinuputol ang mga dapat ay sasabihin ko!” mataray na pahayag niya. Huminga siya nang malalim. “I’m here dahil kay Greg. Kay Don Gregorio. Personal lawyer niya ako at ang anak niyang si Bryan ang pakay ko. At sa narinig ko’y alam kong ikaw iyon,” dugtong niya.

Akala niya ay magbabago ang pakikitungo sa

kanya ng binata subalit nagtaka siya nang makitang lalong nagdilim ang mukha nito. "So, ipinadala ka dito ng Papa. But sad to say, hindi ka welcome dito. I was not expecting a visitor," mariing sagot nito.

"Not expecting!" gulat na bulalas niya.

"Nagpadala ng telegrama ang sekretarya ko dito and that was three weeks ago!"

"I didn't receive any telegram," kaswal na sagot nito.

Sandaling hindi siya nakakibo. "Well, nagkaproblema siguro but at least, now you know," pagkuwa'y sabi niya.

"And so? That doesn't change anything. Hindi ka pa rin welcome dito. So if I were you, babalik na rin ako agad sa Maynila. And tell my father not to send a woman to do a man's job," pagtataboy nito.

"Are you kidding? Pababalikin mo ako ng Maynila nang hindi mo pa alam kung ano ang dahilan ng pagpunta ko dito?" di-makapaniwalang sabi niya.

"Hindi ako interesado sa anumang dahilan kung bakit ka narito. I'm telling you na mas mabuti para sa iyo kung aalis ka rin dito ngayon. Bumalik ka sa bayan at doon ka na lang maghanap ng hotel na tutuluyan mo ngayong gabi." Pagkasabi niyon ay

tinalikuran siya ni Bryan.

“Teka!” pigil niya. “I can’t believe na ganyan ang magiging pagtanggap mo sa akin!”

“And what did you expect? Na pasasalubong kita sa banda? I’ve already told you na hindi ka welcome dito,” saad nitong muling humarap sa kanya.

Saglit siyang napatulala rito, hindi makapaniwala. Mayamaya ay tumapang ang mukha niya. “Puwes, wala akong pakialam kung welcome man ako dito o hindi! At huwag mong isiping aalis ako dito at babalik sa bayan matapos na mapudpod ang takong ng sapatos ko, kalyuhin ang mga paa ko at gutumin para lang makarating sa lugar na ito!” pahayag niya.

“Hindi ko na kasalanan iyon. Basta, ang sinasabi ko sa iyo’y mas mabuting umalis ka na.”

“At sinasabi ko rin sa iyo na hindi ako aalis!” matapang na salungat ni Paula. “Latang-lata na ako dahil sa ilang kilometrong nilakad ko papunta dito. ‘Tapos, sasabihin mo sa akin na umalis ako at muling maglakad nang kung ilang kilometro! No! Sa ngayon ay kailangan ko ng pahinga. Kailangan ko ng matutulugan!”

“Well, sorry. Pero wala kang matutulugan dito.

Ang lahat ng kuwarto sa bahay na ito'y okupado ng mga bisita ko."

"I wonder why I don't believe you," sarcastic na sagot niya.

"I don't care whether you believe me or not. Tinitiyak ko sa iyong wala kang matutulugan dito," galit na tugon nito.

"Kung gan'on ay dito ako matutulog sa sala. Dito sa sofa o kahit pa dito sa malamig na semento ay wala akong pakialam. Para naman kapag nakita ako ng mga bisita mo dito bukas, they'd know that you're not really a gracious host."

Tuwid siya nitong tiningnan. Matapang na sinalubong niya ang mga mata nito.

"Okay!" napabuntong-hiningang sabi nito. "You win. Doon ka matutulog sa silid na laan lang sana sa mga espesyal kong bisita. Sumunod ka sa akin."

Napangiti siya nang palihim. "Baka naman gusto mong buhatin itong maleta ko? Kahit pakitang-tao'y magpaka-gentleman ka naman," utos niya.

Natapik ng binata ang noo. Walang kibong binuhat nito ang maleta niya kahit matalim ang tingin sa kanya. Dinala siya nito sa pinakadulong kuwarto sa itaas ng bahay. "Eto ang kuwartong tutulugan mo... ngayong gabi. Since I'm sure na

bukas na bukas rin ay aalis ka na dito. Make yourself comfortable. As I'm sure you will, anyway."

"I know you're not enjoying this, but—"

"You got it right, Lady. At masuwerte ka dahil babae ka. If not, I would have kicked your butt just to get you off this ranch."

Naningkit ang mga mata niya sa kagaspangan nito.

"Magpahinga ka na. May banyo ito kaya narito lahat ng mga kailangan mo. Maaga pa ang alis mo bukas kaya matulog ka na."

"Wait!" pigil niya nang makitang paalis na ito. "Hindi pa ako kumakain at nagugutom na ako. Baka naman gusto mo akong pakainin?"

"Ibang klase ka rin, ano! Bakit hindi ka kumain bago ka nagpunta dito? Does my old man keep you on such rigid schedule that you don't have time to eat?"

"Hindi ko alam kung bakit nagsasalita ka nang ganyan sa ama mo. But for your information, Greg allows me to work at my own pace and do things as I see fit."

"Oh, and I presume that you are very close to him."

"Yes, I'm very close to your father. Pero hindi

katulad ng masamang iniisip mo. He's like a father to me."

"Wala naman akong sinasabi. Bakit ba defensive ka?"

"Dahil iyon ang ibig mong palabasin. Now, puwede mo na ba akong pakainin?"

"Follow me," sagot nito matapos ang ilang sandaling hindi pagsagot.

Nagpunta sila sa kusina. Tumingin ang binata sa refrigerator kung may pagkain. "Malas mo. Ubos na pala ang kanin at ulam. Sandali at—"

"Don't bother. May tinapay naman at mga prutas dito. May juice o gatas naman siguro kayo. That will be enough," agaw niya.

"Akala ko ba'y nagugutom ka? Bakit mukhang mas pinaiiral mo pa yata ang pagiging figure-conscious mo," iritadong puna nito.

"I'm not figure-conscious. Ayoko lang lalo pang makaabala. And don't tell me na ipagluluto mo ako? Galit ka sa akin, remember? And I'm just lucky at naging babae ako. If not, sinipa mo na sana ako paalis dito."

Pilyong napangiti ang binata. "That's right. But I think a little thing like you can't be that much trouble—at least, for one night. After all, aalis ka na

bukas at siguradong hindi na babalik pa.”

“You’ve made your feelings on that matter quite clear, Mr. Bryan Monteloyola. But if I were you, mas poproblemahin ko ang pagpapaalis sa akin dito kaysa sa pagbabalik. Dahil once na umalis ako dito, I can assure you na hindi na ako babalik pa!” mataray na sagot niya.

Nagkibit-balikat ito. Inumpisahan naman niya ang pagkain.

“I’m curious as to what made you want to be a lawyer,” mayamaya ay sabi ni Bryan.

“Because I wanted to. It’s as simple as that,” sagot niya na hindi ipinahahalata ang pagkaasiwa dahil pinagmamasdan siya nito. Naiinis siya sa nararamdaman dahil alam niyang sanay siya sa pakikiharap sa opposite sex. Bakit ngayong kaharap niya si Bryan ay para siyang naiilang na hindi maintindihan?

“Gaano ka na katagal nagtatrabaho kay Papa?”

“More than three years. Malaki ang utang-na-loob ko sa kanya. Kumusta naman itong rancho?” tanong niya.

“At bakit mo gustong malaman? Kaya ka ba pinapunta dito ni Papa ay upang malaman kung nalulugi na ito?” Muli ay may galit na naman sa tono

ng binata.

“You really are—”

“You don’t need to answer that. Sigurado akong gustong matiyak ng Papa kung nalulugi nga ba ako o hindi. Nakakahiya naman kung makakarating sa Maynila ang balita na ang anak ng isang business tycoon ay nalulugi ang rancho. It would create a bad image, I’d say.”

“Is that what you’re trying to do? Kaya mo ba binili itong rancho’y para hiyain ang papa mo?”

“You don’t have any right to ask me that,”  
paiwas na sagot nito.

“Don’t you want to know why I’m here?” taas ang kilay na sabi niya.

“Not in the least. Huwag ka nang mag-abalang gawin kung anuman ang pinaplano mo para sa akin.”

“Oh, rest assured that I’m not doing this for you. I’m doing this for your father. You see, he believes he’s dying.”

Sa sinabi ni Paula ay biglang nanlaki ang mga mata ni Bryan.

“What? Napakasigla at malakas ni Papa noong huli ko siyang makita. How can he be in any danger of dying soon?” gulat na tanong nito.



“Correct me if I’m wrong pero mahigit tatlong taon mo nang hindi nakikita ang papa mo. A lot of things can happen in that length of time,” kaswal na katuwiran niya.

“Are you telling me that my father has a terminal illness?”

“No. I’m not telling you it’s terminal.

And besides, ang papa mo mismo ang dapat mong tanungin. Dahil siya ang nakakaalam ng karamdaman niya.”

Biglang nagsalubong ang mga kilay nito. “I think I see it now. Isa itong kasinungalingan para muli akong bumalik sa papa ko. Isang palabas!” akusa nito.

“Hindi ito isang palabas o pagkukunwari. Talagang may karamdaman ang papa mo. And he believes na hindi na magtatagal pa ang buhay niya.”

“I feel sorry for you. Hindi mo pala kilala si Papa. He will do anything para bumalik ako sa kanya. And that includes putting on a dying act.”

“Hindi ko alam kung anong klaseng anak ka at nagsasalita ka ng ganyan sa sarili mong ama,” hindi napigil ang sariling sabi niya.

“Mas kilala ko lang siya kaysa sa iyo. Now if you’ll excuse me, I’m going to bed. And I suggest

ikaw rin. Tapos ka na naman yata sa pagkain. Maaga pa ang alis mo bukas.”

“That’s what you think!” inis na sagot niya.

## CHAPTER TWO

**T**inanghali ng gising si Paula kinabukasan dahil sa pagod ng nakaraang gabi. Kaagad na siyang nag-ayos at bumaba. Nang makitang walang tao sa sala ay dumerecho siya sa kusina. Bago pa siya pumasok ay naulinigan niya ang boses ni Bryan at ilan pang mga boses-lalaki. Nang pumasok siya sa kusina ay biglang natigil ang mga ito kaya kinutuban siyang siya ang topic ng usapan.

“O, nariyan ka na pala, Paula. Magandang umaga. Maupo ka at mag-almusal,” bati ni Aling Elsa habang naghahain ng pagkain.

“Magandang umaga rin ho, Aling Elsa. Salamat,” nakangiting sagot niya bago umupo. Sumulyap siya sa binata na nasa harapan niya. “Good morning, Bryan,” bati niya.

“Good morning, Paula. Akala ko’y umalis ka na kanina pa,” pagsisimula nito ng pang-iinis.

“And miss saying goodbye to you? Never!” ganti niya.

“Ah, excuse me,” singit ng isang kaibigan ni

Bryan. "Pero since mukhang nakalimutan na yata nitong si Bryan na ipakilala kami ay hayaan mong kami na ang magpakilala sa sarili namin. Ako nga pala si Tom Aguilar, ang katabi ko naman ay si Walter Jocson. Ang kasunod naman niya ay si Dan Enriquez at ang dalawang binatilyo niyang anak na sina Elvis at Ernan," pakilala nito sa kanya.

Ngumiti siya sa mga ito at nakipagkamay.

"Pare, baka naman talagang sinadya nitong kaibigan nating si Bryan na huwag siyang ipakilala sa atin para masolo niya si Miss Paula," ani Walter na nakangiti.

"Naku, Walter, tumigil ka na sa pagporma diyan kay Miss Paula dahil engaged to be married ka na," panunukso ni Dan sa kaibigan.

"Oo nga, Walter. Hayaan mo naman ako. I'm very much single and available," segunda ni Tom.

"Kayo talaga, binuko ninyo na agad ako. Palibhasa ay alam ninyong magandang lalaki ako kaysa sa inyo," biro ni Walter.

Napangiti siya sa pagbibiruan ng mga ito. Pero nang mapasulyap siya kay Bryan ay nakita niyang madilim ang mukha nito.

"Ah, Miss Paula, nagbabakasyon rin po ba kayo rito?" tanong ng fourteen-year-old na si Elvis.

"Hindi," sagot niya.

"Eh, di girlfriend kayo ni Tito Bryan?" tanong naman ni Ernan na eleven years old.

"Ernan!" kaagad na saway ni Dan sa anak.

"No, boys! Hindi ko siya girlfriend! Narito siya dahil may inaasikaso siya," sagot ni Bryan.

"Yeah, he's right," segunda niya.

"Gaano ka naman katagal dito, Paula?" tanong ni Tom.

"Depende," tanging naisagot niya.

"Sayang. Tatlong araw na lang kasi kami dito at babalik na kami sa Maynila. Isang linggo lang kasi ang bakasyon namin."

"I'm not sure kung gaano ako katagal dito. But I guess, mas matatagalan ako dito kaysa sa inaasahan ko," pagpaparunggit niya kay Bryan.

"Nabanggit sa amin kanina ni Bryan na abogado ka pala. Alam mo bang humahanga ako sa mga babaeng abogado," muling sabi ni Tom.

"Thank you. Ano naman ang trabaho mo sa Maynila?" tanong niya.

"Ah, engineer ako sa isang multinational company," sagot nito.

Nagulat sila nang malakas na umubo si Bryan.

"Ah, hindi ba mangangabayo pa tayo? Mas

mabuti yata ay magbihis na tayo, Tom, Walter,” ani Dan na nakapuna na masama ang mukha ni Bryan.

“Oo nga. Tatal ay tapos na naman tayong kumain,” segunda ni Walter.

“Pero—” tutol ni Tom.

“Halika na,” agaw ni Dan at hinila na ang lalaki. Walang nagawang napatayo na rin ito.

“Sige, Paula. See you later,” paalam ni Tom.

“Sige,” nakangiting sagot niya at tumango. Nang wala na ang mga ito ay bumaling siya kay Bryan. “I hope my news about your father’s ill health didn’t disturb your sleep last night,” aniya.

“I hate to admit it, but yes, it did. At dahil diyan ay puwede ka nang bumalik sa Maynila at masayang tanggapin ang paycheck na ibibigay sa iyo ng papa ko dahil nagtagumpay ka sa pagbagabag sa akin.”

“Hindi ako mukhang pera! At nakapagtataka naman na biglang nagbago ang paniniwala mo? Kagabi lang ay halos ipagpilitan mo sa akin na umaarte lang ang papa mo.”

“If you must know, I was able to contact Dr. Pereira, my father’s personal physician. Sinabi niya sa akin na nagkaroon nga ng minor heart attack ang Papa two months ago. However, he didn’t give me the impression that my father is dying.”

“Tell me, Bryan, did the doctor assure you that your father will not have a fatal attack in the coming months?”

“Doctors aren’t prophets, Paula. Alam mo iyan,” inis na sabi nito.

“Then you’re not the least a bit worried about him?”

“Ano ba’ng gusto mong palabasin? Para sa kaalaman mo, hindi ko hinahangad na may mangyaring masama sa papa ko. I know he’s getting good medical attention kaya panatag ako. At huwag mo ring isipin na sasabihin ko sa iyo ang dahilan kung bakit ako ganito. What did or did not happen between me and my father is none of your business. Got that?” halos singhal nito.

Namula siya sa pagsigaw nito. “Wala akong pakialam at hindi ako interesadong malaman ang problema ninyong mag-ama. Narito ako para sa isang bagay. Isang bagay na pertinente para sa iyo. O sadyang wala kang pakialam?” galit ding sagot niya.

“I really don’t care about it, Miss Paula,” sagot nitong napansin na lalong gumaganda ang abogadang kaharap kapag nagagalit. “I simply have no time for it,” dugtong nito.

“Then I suggest that you make the time,” lalong

naiinis na sabi niya. “O mas matagal mo pa akong makikita dito. Alam kong naiinis ka sa presence ko,” mataray niyang dagdag.

Napangiti ito. “It’s not your presence that bothers me, Paula. In fact, I love looking at you. I’m sure you know that you’re very beautiful. What bothers me is your mouth. Hindi ko gusto ang mga lumalabas sa bibig mo.”

Nagulat siya. Lihim siyang nasiyahan dahil sa puri nito subalit hindi iyon ipinakita. “Well, I’m afraid it will take more than you to shut me up. At hindi ako aalis dito hangga’t hindi ko nasasabi ang pakay ko,” matigas na pahayag niya.

Sasagot sana ito subalit naunahan ng biglang pagpasok ni Dan. “Ready na kami. Tuloy pa ba iyong lakad natin?” anito.

“Oo. Hintayin ninyo na lang ako sandali at susunod na ako,” sagot ni Bryan.

“Okay,” sabi nito at umalis na.

“Talaga bang importante ito sa iyo?” baling sa kanya ng binata nang sila na lang.

“Importante talaga. If not, I would already have kissed your sarcastic face goodbye by now!” sarkastikong sagot niya.

“Then prove it to me.”



“What?” gulat na bigkas niya.

“Mangangabayo kami papuntang bundok. Trail ride. If you come along, keep up and make it back here with the rest of the group, I’ll give you thirty minutes to state your cause—whatever it might be.”

Napataas ang kilay niya. “At bakit kailangang ko pang gawin iyon?” protesta niya.

“Dahil iyon lang ang chance na ibibigay ko sa iyo para sabihin at makinig ako sa anumang sasabihin mo. Kung ayaw mo, okay. Umuwi ka na lang ng Maynila,” kampakanteng paliwanag nito.

Napabuntunghininga siya, naisip si Greg. Alam niyang umaasa ito sa kanya. At masyado niyang mahal ang lalaki para biguin ito. Gaano lang ba iyong pagsakay sa kabayo kung ang kapalit naman ay ang pakikinig ng binata sa pakay niya.

“Okay. Pumapayag na ako,” mayamaya ay sagot niya. “I’ll go with you, and I’ll keep up,” dugtong pa niya.

“Are you sure?” paniniyak nito.

“As if naman may choice pa ako. But make sure that you’ll—”

“I’ll listen,” putol nito. “Thirty minutes. Maybe thirty-five if you make it interesting.”

Napabuntong-hininga siya. Hindi niya inakala

na ganoon pala kahirap pakisamahan ang anak ni Greg.

“Do you know how to ride a horse?” tanong nito.

*Ride?* Naisip niya, marunong siyang sumakay sa motorcycles at surfboards dahil tinuruan siya ni Herman pero ang sumakay sa kabayo? Alam niyang marunong siyang sumakay sa kabayo dahil nakasakay na siya rito minsan. Pero iyon ay isang beses lang at sampung taon na ang nakakaraan! *Oh, God, ano ba itong pinasok ko?* daing niya sa isip.

“I’m waiting for your answer,” pukaw ni Bryan nang hindi pa rin siya sumagot.

“Ah, yes. It’s been... quite a while. But I’ve ridden before,” sagot ni Paula. Kung nahalata ng binata ang kanyang nararamdaman ay hindi niya matiyak dahil blangko lang ang expression nito.

“Good. Sumunod ka na lang sa amin kapag ready ka na. Kailangan mo pang maging pamilyar sa kabayong sasakyan mo.”

“S-sure.”

Isang mysteryosong ngiti lang ang pinakawalan nito bago siya tinalikuran.

## CHAPTER THREE

*M*atapos makapagbihis ni Paula ay hindi muna siya bumaba kaagad. Tinawagan niya sa cell phone ang sekretarya ni Greg.

“Cely, it’s me, Paula.”

“Paula! Mabuti naman at tumawag ka. Nag-aalala na kami sa iyo ni Greg. Kino-contact ka namin pero naka-off ang cell phone mo.”

“I’m sorry. Kagabi lang ako dumating dito.”

“Nariyan ka na sa rancho?”

“Yes, but—”

“Kung gan’on ay nasabi mo na kay Bryan ang tungkol sa will ng papa niya. Ano’ng sabi niya tungkol kay Greg?”

“Cely, ayon sa kanya’y wala siyang natanggap na sulat o telegrama tungkol sa pagdating ko. Don’t you find that a little odd?” ibang sabi niya.

Ilang sandaling katahimikan bago sumagot ang sekretarya. “Well, not when you consider that I told your secretary not to mail it.”

Napahawak siya sa noo. “I hope you have a good explanation for this, Cely,” sabi niya.

Nakasanayan na niyang iyon ang itawag sa babae kahit na matanda ito sa kanya nang sampung taon.

“Of course I do. Nakalimutan mo na bang nakapagtrabaho ako kay Bryan nang ilang taon? I know how headstrong he can be. Kung may na-receive siyang sulat, mas nakahanda siyang pagtaguan ka o palayasin kaya. As it was, you managed to catch him off guard.”

“I might have managed to stay here on the ranch for one night, but Bryan is one tough guy, Cely. I’m not getting anywhere with him.”

“The will—”

“He hasn’t given me an opportunity to discuss the will or anything else with him! Nagkamali yata si Greg nang papuntahin niya ako dito. This whole thing is nothing but a wild goose chase! I’m sorry I ever agreed to come here.”

“Don’t talk that way, Dear. Greg is counting on you. He said if anyone could make his son listen to reason, that person was you.”

Napabuntong-hininga si Paula. Mahal na mahal niya si Greg bilang ama. At alam niyang kung magagawa niya ang gusto nito ay labis nito iyong ikasisiya. Madalas nitong sinasabi sa kanya na siya ang katuparan ng pangarap nitong magkaroon

ng anak na babae na katulad niya. Paano niya ito bibiguin gayong alam niyang asang-asa ito sa kanya?

“Hindi ko na matiyak kung magagawa ko ba ang gusto ni Greg ngayong nakilala ko ang anak niya. Parang malabo na mapabalik ko si Bryan diyan.”

“Look, I don’t know kung ano ang mga sinabi sa iyo ni Bryan pero tinitiyak ko sa iyong he has a good heart. He just doesn’t want anyone to know it.”

Napangiti siya nang mapait. “I guess kailangan ko munang makita ang autopsy report ni Bryan bago ako maniwalang may puso nga siya. Sa mga ipinakita niya sa akin, I find it hard to believe.”

“Pero, Paula—”

“I’ve got to go. Tatawag na lang ako uli. ‘Bye!” aniya at ini-off na ang cell phone. Ayaw niyang magtagal pa dahil baka akalain ni Bryan na hindi na siya sasama at pagtatawanan siya nito.

Paglabas ay nakita niya ang iba pang mga bisita ng binata na may dala-dalang kani-kanyang kabayo.

“O, Paula, sasama ka raw sa amin?” tanong ni Walter.

“Oo,” nakangiting sagot niya.

“Napakaganda at napakaseksi mo talaga, Paula. Lalo na sa suot mo, bagay na bagay sa iyo,” puri ni Tom at muli ay hinagod pa siya ng tingin mula paa

Pinilit niyang ngumiti kahit na nako-conscious sa pagtingin sa kanya ng lalaki. Ang suot niya ay fitted blue jeans na bakat na bakat sa kanyang mabibilog na hita. Tinernuhan niya iyon ng long-sleeved white polo na itinupi niya hanggang siko at sapatos na leather boots.

“Si Bryan?” tanong niya na kay Dan nakatingin.

“Naroon sa kuwadra ng mga kabayo. Puntahan mo na lang,” sagot nito.

“Gusto mong samahan kita?”

“Tom, para namang napakalayo ng pupuntahan ni Paula, eh, nariyan lang iyon sa likod,” ani Dan.

“Salamat na lang, Tom,” nakangiting sabi niya bago tumalikod.

“Ikaw talaga, Dan. Palagi mo na lang akong hinahadlangan sa pagporma kay Paula,” sumbat ni Tom sa lalaki nang wala na ang dalaga.

“Hindi naman sa hinahadlangan kita. Kaya lang hindi mo ba napapansin na bagay sila ni Bryan?”

“Bagay? Baka nakakalimutan mong allergic sa babae iyang si Bryan.”

“Pero hindi mo ba napapansin na attracted si Bryan kay Paula? At ngayon ko lang uli nakitang napukaw ang interes ng kaibigan natin para sa ibang

babae matapos iyong kay Katrina. At sa tingin ko'y si Bryan rin ang nakapukaw sa interes ni Paula at hindi ikaw."

"Sigurado ba naman kayo?" Parang ayaw pang maniwala ni Tom.

"Pare, ikaw naman kasi, napakamanhid mo. Hindi mo ba napapansin na sa pagtitinginan pa lang nina Paula at Bryan, attracted na sila sa isa't isa? Kaya huwag ka nang umasa pa na mapapansin ka ni Paula."

"Eh, bakit sa tuwing magkikita sila ay parang sarkastiko sila sa isa't isa kung totoo ang sinasabi mong attracted sila?" pilit pa rin nito.

"Dahil ang sadya dito ni Paula ay tungkol sa papa ni Bryan. Alam mo naman ang reaksyon ni Bryan tungkol sa papa niya. Pero may kutob akong maaayos rin nila iyon at eventually ay magkakagustuhan rin silang dalawa. Kaya nga huwag ka nang umeksena para mapadali ang pagkakaayos nila," sagot ni Dan.

"At hindi ba gusto mo rin na makatagpo na muli ng babaeng mamahalin si Bryan? Ikaw ay marami namang babaeng nabobola sa Maynila kaya palagpasin mo na si Paula," segunda ni Walter.

"Oo ba. Akala ko naman kasi'y hindi interesado

si Bryan sa kanya kaya pumapapel na ako, eh. Pero dahil sa sinabi ninyo... hindi ko pa rin ititigil ang pagporma ko kay Paula.”

“Tom!” sabay na saway nina Walter at Dan.

“Relax! Kayo namang dalawa, makinig muna kayo sa akin. Popormahan ko pa rin si Paula pero kunwari lang. Pagseselosin ko lang si Bryan para mapadali ang pagkakasundo nila. O, hindi ba maganda ang ideya ko?”

“Sabagay, magandang ideya iyan. At mapapatunayan pa natin kung talaga nga bang may gusto si Bryan kay Paula,” sang-ayon ni Walter.

Ngumiti at tumango rin si Dan.

PAGDATING NI PAULA SA KUWADRA ay nakita niyang hinihimas ni Bryan ang isang kabayo. Nakasuot ito ng long-sleeved polo na maong at ternong pantalong maong. Naka-boots din ito. Napakakisig nitong pagmasdan sa ayos kaya hindi niya naiwasang humanga rito. Tumikhim siya upang maiparamdam dito ang presence niya.

“Nariyan ka na pala. I thought you backed out,” anito na bahagyang sumulyap sa kanya. Ang bahagyang sulyap na iyon ay tumagal bago mayamaya ay bumaling muli ito sa kabayo.



“Then you thought wrong,” sabi niya.

“I guess I did,” sagot nitong pinigilan ang sarili na muli siyang hagurin ng tingin.

“Ito ba ang kabayong sasakyan ko?”

“Yes. His name is Steve.”

“Nice name. Sana lang ay hindi siya wild.”

“Don’t worry. Wala naman akong alagang gan’on. Come and I’ll introduce you to him.”

Hesitant siyang lumapit at nahalata iyon ng binata.

“Steve won’t hurt you. Believe me,” pag-a-assure nito.

“I’m not so sure about that,” sagot niya. “After all, you are trying to get rid of me.”

“Not quite that literally,” natatawang sabi nito bago inilapit ang kabayo sa kanya. “Paula, this is Steve. Give him a pat.”

“Will he bite?” kinakabahan pa ring tanong niya.

“No more than I do,” nagbibirong sagot nito.

Kinakabahan si Paula dahil sa pagsakay sa kabayo pero naisip niyang wala iyon kung ikukumpara sa kabang nararamdaman niya sa pagkakalapit nila ni Bryan. Lalo na at parang maganda ang mood nito ngayon. “M-matagal na akong hindi nakakasakay sa—”

"You told me you could do this. O gusto mong kalimutan na natin ang napagkasunduan natin at pabalikin kita ngayon din sa Maynila?"

No! Hindi niya puwedeng biguin si Greg! At hindi siya aalis doon without putting up her best fight first! naisip-isip niya. "I have every intention of riding with you today," malakas niyang pahayag.

"Good," anang binata bago kinuha ang kamay niya at dinala sa leeg ng kabayo. Kinakabahan man ay hinaplos niya ito. "See? Steve is a real gentleman."

Bahagya naman siyang napanatag dahil mukhang nagugustuhan siya ng kabayo. "I think he likes me," kampanteng sabi niya.

"I knew he would."

Ang paglapit sa kanila ni Dan ang nakapigil sa kanya upang sumagot pa. "O, ready na ba kayo?" tanong nito.

Bumaling si Bryan sa dalaga, parang ipinapasa sa kanya ang tanong ni Dan.

"I-I'm ready," sabi niya.

"Good. Put your left hand on the saddle horn and your left foot in my hand. I'll give you a leg up," anito sa kanya.

Sinunod niya ito at namalayan na lang niyang nasa ibabaw na siya ng kabayo. Kaagad siyang

humawak sa renda sa takot na mahulog. Ang bahagyang pagkiskis ng suot niyang boots sa tagiliran ng kabayo ang siyang nag-udyok dito para kumilos. Kung hindi niya napigilan ang sarili ay muntik na siyang mapatili nang bigla itong lumakad at nagpaikut-ikot. Gusto na sana niyang bumaba at mag-panic dahil sa kaba subalit alam niyang nakatingin sa kanya si Bryan. Lihim na lang siyang nagdasal para sa kaligtasan niya at pilit na inaalis ang kaba sa isiping mabagal lang naman ang lakad ng kabayo.

“Stop a minute!” mayamaya ay tawag ng binata. “Your stirrups need to be adjusted,” anito.

Helpless siyang napatingin dito pagkatapos ay sa kabayo na patuloy pa rin sa pag-ikot. Narinig niya ang sinabi nito subalit ang problema ay hindi niya alam kung paano patitigilin ang sinasakyan. Wari’y nahulaan iyon ni Bryan kaya humakbang ito palapit sa kanya.

“Damn it, pull back the reins and say ‘whoa!’” sigaw nito.

Kinakabahang sinunod niya ang sinabi nito at laking pasalamat niya nang huminto ang kabayo.

“I thought you knew how to ride?” tanong nito nang makalapit, kasunod si Dan. Ini-adjust nito ang

stirrups.

Napapahiyang napasulyap siya kay Dan na para namang walang narinig. "I-I do.... I did," sagot niya.

"Eh, ni pagpapahinto nga sa kabayo'y hindi mo alam kung paano."

"Dahil nga matagal na mula noong huli akong sumakay. But I do ride things," sagot niyang naramdaman na kailangang i-defend ang sarili. "I ride bicycles, motorcycles, surfboards and—"

"Those things don't have brains. But Steve does, kaya mag-ingat ka and maybe he'll come through this unharmed."

Napamulagat siya sa narinig. "Mas inaalala mo pa ang kaligtasan ng kabayo kaysa sa akin!"

"You're supposed to be smarter than he is. So let's see if you are," sagot nito bago siya tinalikuran. Napapahiyang sumulyap siya kay Dan.

"Don't let him scare you. He's concerned about you," sabi nito bago tumalikod.

Napabuntong-hininga na lang siya nang sunud-sunod.

PAKIRAMDAM NI PAULA, kapag nakabalik na sila sa rancho ay hindi na yata niya magagawang lumakad o magsalita pa dahil sa tindi ng pagod na

nararamdaman niya.

Mahigit dalawang oras na silang nangangabayo at dahil hindi sanay ang katawan niya sa pagsakay sa kabayo ay sumasakit na ang kanyang likod at mga binti. Subalit nang tanungin siya ni Bryan ay hindi niya iyon sinabi, ni ipinahalata. Alam niyang lalo lamang siyang iinisin nito kung sasabihin niya ang kanyang nararamdaman. Ang tanging konsuwelo na lang niya ay ang magagandang tanawing nakikita niya sa paglalakbay nila, ang wari’y pagkakaintindi sa kanya ng kabayong si Steve kaya marahan lang ang lakad nito at ang pag-aasikaso sa kanya ni Tom na parating nasa likuran niya at kinukumusta siya. At sa tingin niya ay hindi iyon nagugustuhan ni Bryan dahil masama ang tingin nito sa kanila.

Isang oras pa ang nakakaraan bago sinabi ng binata na magpahinga muna sila. By that time, ni pagbaba sa kabayo ay hindi na niya magawa kaya inalalayan siya ni Tom. Pagsayad ng mga paa niya sa lupa ay bahagya pang nanginginig at nanlalambot ang kanyang mga tuhod.

“Halika, maupo muna tayo doon sa punong iyon,” sabi ni Tom at inalalayan siya sa baywang tungo sa isang usli ng puno.

Matalim na nakatingin sa kanila si Bryan.

“Mukha talagang malaki ang tama ni Tom diyan kay Paula, Bryan. Aba’y hindi na tinigilan,” puna ni Walter.

“At mukha talaga siyang desididong pormahan si Paula dahil nasabi niya sa amin na kung maaari nga raw ay mag-stay pa siya rito habang narito pa si Paula. At kung hindi naman maaari ay agad niyang kokontakin sa Maynila si Paula kapag nakabalik na ito doon upang ligawan.”

Hindi sumasagot si Bryan. Sa mukha nito ay mahahalatang hindi nito nagustuhan ang mga narinig. Ang paningin nito ay na kina Paula at Tom pa rin.

“Papa, mas bagay naman sina Miss Paula at Tito Bryan kaysa kay Tito Tom,” anang panganay na anak ni Dan na si Elvis.

“Oo nga, Tito Bryan. Mas bagay kayo ni Miss Paula. Kaya kayo na lang ang manligaw sa kanya,” segunda naman ni Ernan, ang bunsong anak ng kaibigan.

Lihim na nagkangitian at nagkatinginan sina Walter at Dan.

“No, boys. Hindi kami bagay. Hindi ang isang babaeng tulad niya ang magugustuhan ako. Alam ko ang klase ng babaeng tulad niya,” sagot ni Bryan.

“Nariyan ka na naman, Bryan. Don’t tell me na hindi mo pa rin nakakalimutan si Katrina?” sita ni Dan.

“Oo nga naman, Bryan. Magkaiba naman si Paula at ang babaeng iyon,” segunda ni Walter.

“No. Nakalimutan ko na si Katrina. Matagal na. Pero alam ko na wala rin silang ipinagkaiba ni Paula. At tahasan kong sinasabi sa inyong *hindi* ako interesado sa kanya,” sagot nito bago tumalikod.

Nagkatinginan na lang sina Walter at Dan, hindi sila naniniwala sa sinabi ng kaibigan.

“You must not be used to horseback riding,” saad ni Tom matapos silang makaupo ni Paula.

“Actually, I’m not,” sagot niya.

“Kung gan’on, bakit ka sumama? Just wanted to try your hand at it?”

“Uhm... something like that,” pagkakaila niya. Sumulyap siya sa kinaroroonan ni Bryan. Nakatalikod sa kanila ang binata.

“Don’t worry, Paula. I will take care of you,” sabi ni Tom.

“Thank you. You’re a real gentleman,” nakangiting sagot niya.

“Hanggang kailan ka ba dito?”

“Depende.”

“Depends on what?”

“Depende kung kailan ako pakikinggan ni Bryan tungkol sa sadya ko sa kanya. Depende kung kailan ko siya makukumbinsi na bumalik na sa Maynila, sa papa niya. Iyon ay kung makukumbinsi ko nga siya.”

“Palagay ko’y mahihirapan ka sa bagay na iyan. Dito na gustong manirahan ng kaibigan ko.”

“At iyon ang ipinagtataka ko. Okay, maganda rito, tahimik pero para sa akin ay mas maganda pa rin ang buhay sa sibilisasyon. Sinasayang niya ang oportunidad niya na mapasakanya ang negosyo ng papa niya. Hindi ba niya alam kung gaano ang halaga niyon?”

“Alam iyon ni Bryan pero hindi siya interesado. Mas gusto niya dito. Mas gusto niya kung malayo siya sa papa niya.”

“Isa pa rin iyan sa hindi ko maintindihan. Bakit niya nilalayuan ang papa niya na naghahangad lang naman nang mabuti para sa kanya?”

“May sarili siyang dahilan. Pero mahal na mahal niya ang kanyang ama. Ayaw niya lang iyong ipakita.”

“Napakabait ng papa niya. At masuwerte nga siya dahil mayroon siyang amang katulad ni Greg.



Mayaman sila pero mas gusto pa niyang manatili dito. At masyado pa siyang mayabang at arogante.”

“Mabait si Bryan. Kung may naipakita man siyang hindi maganda sa iyo, he didn’t mean it.”

“Matagal na ba kayong magkakaibigang tatlo?” tanong niya.

“Since our college days. Kaya kilala ko iyang kaibigan ko. Bakit sa tingin mo’y tumagal ang pagkakaibigan namin kung alam naming hindi siya mabuting tao? Nasaktan lang siya kaya siya naging ganyan sa papa niya. Kaya parang nawalan na rin siya ng interes sa babae pero hindi naman siya woman-hater. May hindi lang siya magandang karanasan sa babae kaya ganyan siya.”

“Puwedeng malaman kung ano iyon?” curious na tanong niya.

“I’m sorry but I can’t tell you. Ang masasabi ko lang sa iyo ay dati siyang engaged kay Katrina. Nasa Maynila pa siya noon at nagtatrabaho sa negosyo nila. Hindi natuloy ang kasal nila dahil sa maraming dahilan. Nagkaroon rin ng dahilan si Bryan para maging bitter sa papa niya.”

“Pero ano ang—”

Naputol ang sinasabi ni Paula nang sigawan sila ni Bryan upang sabihin na tapos na ang pahinga.

Inalalayan na siyang tumayo ni Tom at wala na siyang nagawa kundi sumunod.